Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN (ANNEX), IKA-LIMANG PALAPAG NG BAGONG GUSALI NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS NOONG IKA-12 NG OKTUBRE, 2020.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

ANG LAHAT AY NAKADALO:

---

**KAUTUSANG PANLUNGSOD BLG. 81-2020**

**ISANG KAUTUSANG PANLUNGSOD NA NAGMAMANDATO SA PAGKAKABIT NG "WIFI CONNECTIONS" O "BROADBAND" SA LAHAT NG 51 BARANGAY AT PAGGAMIT NITO NG LIBRE PARA SA MGA MAG-AARAL AT GURO SA LUNGSOD NG MALOLOS, PAGLALAAN NG KAUKULANG PONDO PARA DITO AT SA IBA PANG LAYUNIN.**

**PANGUNAHING MAY AKDA NI: KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA,**
**KAMAY-AKDA: KGG. PATRICK S. DELA CRUZ, KGG DIONISIO C. MENDOZA, KGG. NOEL G. PINEDA,KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KGG. KIRK LOUIS NICOLAS, KGG. MICHAEL M. AQUINO, KGG. ENRICO C. CAPULE, KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KGG. EMMANUEL R. SACAY AT KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA**

**TALA NG PALIWANAG**

**SAPAGKAT,** ang buong bansa ay napapaloob sa deklarasyon ng State of Public Health Emergency at State of Calamity sa pamamagitan ng Executive Order ng Lubhang Kgg. Rodrigo Roa Duterte, Pangulo ng Republika ng Pilipinas bunsod ng dumaraming kaso ng COVID-19 na sa kasalukuyan ay umaabot na sa 314,000;

**SAPAGKAT,** ang Lungsod ng Malolos ay napasailalim sa Community Quarantine upang malabanan ang pagkalat o ang local transmission ng COVID-19;

**SAPAGKAT,** alinsunod sa direktiba ng Kagawaran ng Edukasyon ay ipapatupad ang Home Schooling para sa taong pampaaralan 2020-2021 upang maging ligtas ang mga mag-aaral sa sakit na COVID-19;

**SAPAGKAT,** pormal na magbubukas ang klase sa Oktubre 05, 2020 at inaasahang nasa 45,000 mag-aaral buhat sa pampublikong paaralan ay humigit-kumulang 20,000 mag-aaral buhat sa pribadong paaralan sa lungsod ang sabayang magbabalik klase sa pamamagitan ng Home Schooling o pag-aaral sa kani-kanilang tahanan gamit ang mixed modalities o hybrid modalities tulad ng Modular, Internet-based (Cybergogy) at TV/Radio;

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

**SAPAGKAT**, ang Mixed o Hybrid Modalities ng Kagawaran ng Edukasyon ay nangangailangan ng Internet Connections (Cybergogy- pag-aaral gamit ang teknolohiya gaya ng internet at webinars) upang marating at maabot ang mas maraming kabataang Malolenyo;

**SAPAGKAT**, maraming tahanan sa Lungsod ng Malolos ang walang koneksyon sa internet kung kaya't malaking tulong ang pagpapakabit ng lungsod ng Wifi o Broadband sa bawat barangay.

**KUNG KAYA'T** sa mungkahi ni **Kgg. NINO CARLO C. BAUTISTA** na sinang-ayunan ng mga dumalo sa pagpupulong ng Sangguniang Panlungsod ay pinagtitibay ng may bisa ng batas ang:

**SEKSYON 1. – PAMAGAT** – Ang Kautusang Panlungsod na ito ay kikilalanin at tatawagin bilang **'CITY FREE WIFI AND BROADBAND NETWORK ORDINANCE'**.

**SEKSYON 2. – DEKLARASYON** – Pangunahing layunin at adhikain ng Pamahalaang Panlungsod ang pagkakaloob ng pinakamataas na antas ng kalidad ng Edukasyon sa mga kabataang Malolenyo gayundin ang pagbibigay ng suporta sa mga kabataan sa pamamagitan ng pagtataguyod ng mga programa at polisiyang makakatulong sa paghubog ng kanilang kakayahang intektuwal, emosyonal, pisikal at ispirituwal.

**SEKSYON 3. – MANDATO** – Minamandato ng Kautusang Panlungsod na ito ang kagyat na pagkakabit ng Broadband Network o Internet Connection sa 51 Barangay ng Lungsod ng Malolos at pagpapagamit nito ng libre (Free Wifi) sa mga mag-aaral at guro.

**SEKSYON 4. – PAGLALAAN** – Inaatasan ang Local Finance Committee na magsagawa ng pag-aaral upang mapaglaanan ang proyektong ito. Inaatasan ang paglalaan ng hindi bababa sa Limang Daang Libong Piso (Php500,000.00) para sa paunang gastusin dito at karagdagang Limang Daang Libong Piso (Php500,000.00) para sa pagbabayad ng buwanang subscription nito.

**SEKSYON 5. – PAGBIBIGAY PAHINTULOT** – Binibigyang kapangyarihan at kapahintulutan ang Punong Lungsod na pumasok at lumagda sa isang kasunduan sa pagitan ng Pamahalaang Panlungsod at Internet Provider matapos na dumaan sa tamang proseso ang nasabing kontrata.

**SEKSYON 6. – REPORTORIAL DUTY** – Inaatas ang pagsusumite ng kaukulang ulat, hingil dito sa Sangguniang Panlungsod matapos ang isang linggo buhat ng lumagda ang Punong Lungsod sa kasunduan.

**SEKSYON 7. – SUGNAY NG PAGHIHIWALAY** – Ang anumang bahagi o probisyon ng Kautusang Panlungsod na ito na maipahayag na labag sa Saligang Batas o anumang bahagi o probisyon na hindi maaapektuhan ay mananatili at patuloy na iiral na may bisa ng batas.

**SEKSYON 8. – KABISAAN** – Ang Kautusang ito ay ganap na magkakabisa sa sandaling pagtibayin.

PINAGTIBAY.

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. EDUARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SY
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI - ABC President

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko na ang nasabing Kautusang Panlungsod ay pinagtibay ng Sanggunian.

CRISTINA R. GUTIERREZ, EnP
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

PINATUTUNAYAN:

KGG. NOEL G. PINEDA
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo

PINAGTITIBAY/DI-PINAGTITIBAY:

_______________
Petsa ng Pagtitibay:

INH. GILBERT T. GATCHALIAN
Punong Lungsod

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*10122020